# Ang Pasko ni Arakan

ARNOLD MATENCIO VALLEDOR

Napapasabay si Arakan sa kumpas ng awiting pamaskong pumapailanlang mula sa *multipurpose hall* ng kanilang eskwelahan. Sa kaniyang pagkakaupo sa isang *plastic arm chair*, na nasa dulong poste ng naturang *hall*, tumatapik-tapik ang kanyang kamay sa may hanggahan ng kaniyang nangungupas nang *shorts*. Hanggang sa hindi niya namamalayan na may namumuong luha sa kanyang mga mata.

*…I believe that Christmas is truly in their hearts…*

Binasag ng kaniyang palad ang luha. Ipinukol niya ang kanyang tingin sa gitna ng *hall* na may pinagdugtong-dugtong na limang mesang sinapinan ng puti at pulang tela kung saan nakalatag ang mga luma ngunit mapapakinabangan pang mga gamit ng kanilang mga guro at prinsipal: damit, pantalon, *shorts*, tuwalya, kumot, *sandals*, tsinelas at sapatos.

Pumako ang kanyang tingin sa sapatos.

*"Tutuluyan na kita kapag patuloy ka pang makikipag-ugnayan sa mga rebelde!"*

Humahagulgol na niyayakap niyang nakarapa sa kanilang bukirin ang kanyang amang pinipilit na hindi mamilipit sa sakit sa maraming tama ng bala sa kaliwang paa.

*"S-sinong r-rebelde?"*

Hindi niya mamukhaan ang unipormadong lalaki sa bumabalong na luha.

*… Where nations are at peace…*

Tinawag na silang mga mag-aaral ng kanilang prinsipal upang mamili.

Sa lahat na salansan, namili siya. Dumampot. Para sa kanyang ina. Para sa kanyang dalawang nakababatang kapatid na babae. At sinipat niyang mabuti ang mga pares ng sapatos. Siniguro niya na kasukat iyon ng paa ng kaniyang ama. Isinilid niya ang lahat na napili sa malaking *eco bag* na ipinamimigay ng *teacher-coordinator* ng naturang proyekto.

Taos-pusong nagpasalamat siya sa *teacher-coordinator* at sa kanilang prinsipal.

Bitbit ang bag, lumakad siya pauwi. Na naging lakad-takbo. Na naging takbo. Mabilis. Nag-uunahan ang makapilang ulit nang tinahi ng tatay niyang sapatos. Nangingilid ang luha niya at nalalasahan niya ito habang kumakanta.

*… And may the spirit of Christmas be always in our hearts…*

Makapagsusuot na rin ng sapatos sa wakas ang kanang paa ng kaniyang ama.